

Enero 11, 2022
Tagapagpaganap 2022-03

Kautusang

KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP 2022-03
(KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP PARA SA COVID-19 BLG. 98)

SAPAGKAT, noong Setyembre 17, 2021, inisyu ko ang Kautusang Tagapagpaganap 2021-24, na binago ng Kautusang Tagapagpaganap 2021-25 noong Setyembre 21, 2021, upang matugunan ang nagpapatuloy na pandemya sa pamamagitan ng pag-aatas sa mga paaralan na ibukod ang mga mag-aaral at tauhan ng paaralan sa ilalim ng ilang mga pangyayari; at,

SAPAGKAT, mula noong Marso 2020, ang Illinois ay naharap sa isang pandemya na nagdulot ng pambihirang sakit at pagkawala ng buhay, na dinapuan ang higit sa 2,400,00 at kumutil ng buhay ng higit sa 28,500 na mga residente; at,

SAPAGKAT, sa lahat ng oras ngunit lalo na sa panahon ng isang krisis sa pampublikong kalusugan, ang pangangalaga sa kalusugan at kaligtasan ng mga taga-Illinois ay kabilang sa pinakamahalagang tungkulin ng pamahalaan ng Estado; at,

SAPAGKAT, ang Delta variant ng coronavirus ay mas agresibo at mas madaling maihawa kaysa sa dating kumakalat na mga strain nito, at nagdulot ito ng mga bagong panganib sa patuloy na pagsisikap na matigil at mapabagal ang pagkalat ng virus; at,

SAPAGKAT, ang Delta variant ay maaaring maging sanhi ng mas malubhang karamdaman kaysa sa mga naunang strain ng virus; at,

SAPAGKAT, ang Omicron variant ay mas nakakahawa kaysa sa mga naunang variant at humantong sa makabuluhang pagtaas sa bilang ng mga kaso ng COVID-19; at,

SAPAGKAT, ang mabilis na pagkalat ng Omicron variant ay nagresulta sa mas maraming mga pagkaka-ospital sa buong Estado kaysa sa anumang naunang punto sa panahon ng pandemya ng COVID-19; at,

SAPAGKAT, sa buong estado, ang Illinois ay nakararanas ng pagtaas ng bilang ng mga kama sa ospital na ginagamit ng mga pasyente ng COVID-19 na may higit sa 7,000 na mga pasyente ng COVID-19 ang kasalukuyang naka-ospital, kabilang ang higit sa 1,100 na mga pasyente ng COVID-19 na kasalukuyang nasa kama ng ICU sa buong estado; at,

SAPAGKAT, bawat probinsiya ng Illinois ay kasalukuyang lugar ng mataas na transmisyon; at,

SAPAGKAT, may mga bahagi ng bansa kung saan may kakaunti, kung mayroon man, na mga kama sa ICU bilang resulta ng Delta at Omicron variants; at,

SAPAGKAT, maraming pag-aaral na inilathala o kinilala ng CDC ang nagpapakita na ang pisikali distansya mula sa kapwa-tao, mga pantakip sa mukha, at iba pang pag-iingat sa

pampublikong kalusugan ay napatunayang mahalaga pabagalin at patigilin ang pagkalat ng COVID-19; at,

SAPAGKAT, para sa linggong nagtatapos noong Enero 8, 2022, ang mga taga-Illinois na edad 20 pababa ay nakaranas ng pagtaas ng hanggang 1,700 na bagong mga kaso sa bawat 100,000 na tao sa nasabing pangkat ng edad, 70% ang pagtaas mula sa 1,004 na mga kaso bawat 100,000 sa nakaraang linggo, at kumpara sa 423 lamang na mga kaso bawat 100,000 sa linggong nagtatapos noong Disyembre 4, 2021; at,

SAPAGKAT, sa lahat ng pangkat ng edad, iniulat ng Illinois ang pagtaas hanggang 44,089 na mga araw-araw na kaso noong Enero 6, 2022; at,

SAPAGKAT, kinilala ng CDC na ang pagbabakuna ang nangungunang pampublikong kalusugan na estratehiya sa pag-iwas upang wakasan ang pandemya ng COVID-19 at inirerekomenda na ang lahat ng mga guro, kawani, at mga kwalipikadong mag-aaral ay mabakunahan sa lalong madaling panahon; at,

SAPAGKAT, ang pagtaas ng mga bilang ng pagbabakuna sa mga paaralan ay proteksyon laban sa COVID-19 and, kasama ang pagsusuot ng antipas at regular na pagpapasuri, ay mahalaga sa pagbibigay ng personal na pagtuturo sa ligtas na paraan hangga't maaari; at,

SAPAGKAT, ang mga kabataang edad 5 pataas ay karapat-dapat ngayon at inirerekomenda ng CDC na magpaturok ng bakuna ng COVID-19; at,

SAPAGKAT, ang mga batang edad 12 pataas ay karapat-dapat at inirerekomenda ng CDC na tumanggap ng booster 5 na buwan pagkatapos makumpleto ang pangunahing serye ng Pfizer-BioNTech na bakuna sa COVID-19 at ilang mahihinang bata edad 5-11 ay inirerekomenda na tumanggap ng karagdagang dosis ng Pfizer-BioNTech na bakuna sa COVID-19; at,

SAPAGKAT, 39% ng kabataan edad 5 hanggang 17 sa Illinois ay nabakunahan at 47.2% ay nakatanggap ng 1 dosis; at,

SAPAGKAT, ipinapayo ng CDC na ang pananatili sa bahay kapag nagkasakit ng COVID-19 ay mahalaga upang maiiwas ang mga impeksyon sa COVID-19 sa mga paaralan at maiwasan ang pagkalat sa iba; at,

SAPAGKAT, tinutukoy ng IDPH ang isang pagsiklab na nauugnay sa paaralan bilang maraming kaso (1) na binubuo ng hindi bababa sa 10% ng mga mag-aaral, guro, o kawani, sa loob ng isang tinukoy na pangunahing grupo O hindi bababa sa tatlong kaso sa loob ng isang tinukoy na pamantayan sa pagpupulong ng pangunahing grupo para sa isang malamang o kumpirmadong paaralan- kaugnay na kaso ng COVID-19; (2) na may simula ng sintomas o positibong resulta ng pagsusuri sa loob ng 14 na araw ng bawat isa na hindi natukoy bilang malapit na pakikipag-ugnayan sa isa't isa sa ibang setting (ibig sabihin, sambahayan) sa labas ng setting ng paaralan, at (3) na may epidemiologically linked sa setting ng paaralan o isang ekstrakurikular na aktibidad na pinapahintulutan ng paaralan¹; at,

SAPAGKAT, tinukoy ng CDC ang close contact bilang isang tao sa loob ng [6 na talampakan ng isang taong nahawahan](#) (nakumpirma sa laboratoryo o isang [katugmang sakit](#)) para sa isang pinagsama-samang kabuuan ng 15 minuto o higit pa sa loob ng 24 na oras na panahon sa lugar ng panloob na silid-aralan ng K-12; at,

SAPAGKAT, sa panloob na silid-aralan ng K-12, ang depinasyon ng CDC sa close contact ay hindi kasama ang mga estudyante na nasa pagitan ng 3 at 6 na talampakan ng isang nahawahan na estudyante (kinumpirma sa laboratoryo o isang [katugmang sakit](#)) kapag kapwa nahawahan na estudyante at ang nalantad na (mga) estudyante [ay tama at tuloy-tuloy](#) na nagsuot ng maayos na [mga antipas](#) sa buong panahon. Ang pagbubukod ay hindi nalalapat sa mga guro, kawani, o iba pang may edad sa lugar ng panloob na silid-aralan; at,

¹ Council of State and Territorial Epidemiologists. (2021, Agosto 6). *Pamantayan na patnubay ng paaralan ng K-12 para sa pagmamatyag para sa pag-uuri ng mga kumpol at pagsiklab ng COVID-19*. Kinuha mula sa <https://preparedness.cste.org/wp-content/uploads/2021/08/CSTE-Standardized-COVID-19-K-12-School-Surveillance-Guidance-for-Classification-of-Clusters-and-Outbreaks.pdf>

SAPAGKAT, inirerekomenda ng CDC na sa paaralan, ang mga close contact ng mga nahawahan ng COVID-19 o pinaghihinalaan na nahawaan ng COVID-19 ay dapat na manatili sa bahay; at,

SAPAGKAT, binago ng CDC ang mga rekomendasyon nito para sa mga yugto ng panahon para sa paghihiwalay at kuarentenas mula 10 araw hanggang 5 araw noong Disyembre 27, 2021, at pinagtibay ang mga rekomendasyong iyon para sa setting ng paaralan noong Enero 6, 2022; at,

SAPAGKAT, ang pagkontrol sa pag-okupa at paghihigpit sa pagkakaroon ng mga indibidwal na nakumpirma o hinihinalang nahawahan ng COVID-19 ay mahalaga upang magpatuloy ang ligtas na personal na pagtuturo sa mga silid-aralan; at,

SAPAGKAT, dahil sa patuloy na pagkalat ng COVID-19, ang pagtaas ng banta ng Omicron variant, at ang malaking porsyento ng populasyon ng Illinois na hindi pa nakakatanggap ng kahit isang dosis (26.7%) o ganap na nabakunahan (35.7%), ipinahayag ko noong Enero 7, 2022, na ang kasalukuyang mga pangyayari sa Illinois na nakapalibot sa pagkalat ng COVID-19 ay patuloy na bumubuo ng isang emerhensiyang epidemya at isang emerhensiyang pampublikong kalusugan sa ilalim ng Seksyon 4 ng Illinois Emergency Management Agency Act;

SAMAKATUWID, sa pamamagitan ng mga kapangyarihang ipinagkaloob sa akin bilang Gobernador ng Estado ng Illinois, alinsunod sa Konstitusyon ng Illinois at sa Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305, ang mga Seksyon 7(1), 7(2), 7(3), 7(8), 7(12), at Seksyon 19 nito, inuutos ko ang mga sumusunod na kaagad ipatutupad:

Seksyon 1: Mga Mandato ng Pagbubukod para sa Mga Nakumpirma, Marahil, at Malapit na Mga Contact ng Mga Kaso ng COVID-19 sa Mga Paaralan.

a. Mga Depinisyon

- i. Ang “Paaralan” ay nangangahulugang anumang pampubliko o hindi pampublikong elementarya o sekundaryong paaralan, kabilang ang mga charter school, na naglilingkod sa mga mag-aaral sa pre-kindergarten hanggang sa ika-12 na baitang. Ang terminong “Paaralan” ay hindi kasama ang sangkap ng paninirahan ng anumang paninirahan sa paaralan, kasama ang anumang mga residensya na paaralan na pinamamahalaan ng Estado tulad ng Philip J. Rock Center and School, ang Paaralang Illinois para sa May Kapansanan sa Biswal, ang Paaralan ng Illinois para sa mga Bingi, at ang Mathematics and Science Academy ng Illinois. Ang terminong “Paaralan” ay hindi saklaw ang mga paaralan na pinapatakbo ng Kagawaran ng Hustisya ng Kabataan ng Illinois.
- ii. Ang “Tauhan ng Paaralan” ay nangangahulugang sinumang tao na (1) nagtatrabaho, nagboboluntaryo, o kinontrata upang magbigay ng mga serbisyo para sa isang Paaralan o distrito ng paaralan na naglilingkod sa mga mag-aaral sa pre-kindergarten hanggang sa ika-12 baitang, o nagtatrabaho sa isang entidad na kinontrata upang magbigay ng mga serbisyo sa isang Paaralan, distrito ng paaralan, o mga mag-aaral ng isang Paaralan, at (2) malapit na nakikipag-ugnay (mas mababa sa 6 na talampakan) sa mga mag-aaral ng Paaralan o ibang Tauhan ng Paaralan nang higit sa 15 minuto na hindi bababa sa isang beses sa isang linggo sa isang regular na batayan na tinukoy ng Paaralan. Ang terminong “Tauhan ng Paaralan” ay hindi saklaw ang sinumang tao na naroroon sa Paaralan sa loob lamang ng maikling panahon at may panandaliang pakikipag-ugnayan sa ibang tao sa lugar (hal., mga kontratista na nagsasagawa ng paghahatid sa lugar kung saan sila ay nananatiling pisikal na nakadistansya mula sa iba o madaliang pumapasok sa lugar upang kunin ang isang kargamento).
- iii. Ang "Mag-aaral" ay nangangahulugang isang kabataan o bata na nakatala sa isang Paaralan.
- iv. Ang "Kumpirmadong Kaso" ay nangangahulugang isang tao na may positibong resulta sa COVID-19 molecular amplification diagnostic test (hal., Polymerase Chain Reaction (PCR) test), hindi alintana ang mga klinikal na palatandaan at sintomas.

- v. Ang "Marahil na Kaso" ay nangangahulugang isang tao na may positibong resulta sa isang COVID-19 antigen diagnostic test, hindi alintana ang mga klinikal na palatandaan at sintomas, o may mga sintomas na tulad ng COVID-19 na nahantad sa isang Kumpirmado o Marahil na Kaso.
- vi. Ang "Close Contact" ay nangangahulugang isang indibidwal na nasa loob ng 6 na talampakan nang hindi bababa sa 15 minuto ng isang Kumpirmadong Kaso o Marahil na Kaso sa loob ng 24-na oras. Ang terminong Close Contact ay hindi saklaw ang:
 - a. Ang isang mag-aaral na nasa loob ng 3 hanggang 6 na talampakan sa isang setting ng silid-aralan nang hindi bababa sa 15 minuto na may Kumpirmado o Malamang na Kaso na kinasasangkutan ng ibang mag-aaral kung ang mag-aaral at ang Nakumpirma o Malamang na Kaso ay pare-parehong nakasuot ng antioas para sa buong panahon ng pagkakalantad.
 - b. Mga mag-aaral at kawani na may edad 18 taong gulang at mas matanda na nakatanggap ng lahat ng inirekomenda ng CDC na mga dosis ng bakuna para sa COVID-19, kabilang ang mga booster para sa sinumang indibidwal na nakakumpleto ng pangunahing serye ng pagbabakuna ng Pfizer-BioNTech lampas sa nakalipas na limang buwan, ang pangunahing serye ng pagbabakuna ng Moderna lampas sa nakalipas na limang buwan, o ang pangunahing dosis ng pagbabakuna ni Johnson & Johnson Janssen (J&J) lampas sa nakalipas na dalawang buwan (at mga karagdagang pangunahing dosis para sa ilang mahihina na tao).
 - c. Ang mag-aaral na may edad 5-17 taong gulang na nakakumpleto sa pangunahing serye ng isang bakuna sa COVID-19.
 - d. Ang isang indibidwal sa transportasyon ng paaralan na nasa loob ng 3 hanggang 6 na talampakan sa loob ng hindi bababa sa 15 minuto na may Nakumpirma o Malamang na Kaso kung pareho ang Nakumpirma o Malamang na Kaso at ang nalantad na indibidwal ay pare-pareho at wastong nakamaskara sa buong panahon ng pagkakalantad at binuksan ang mga bintana (harap, gitna, at likod, o overhead) upang bigyang-daan ang magandang bentilasyon o ginagamit ang mga filter ng HEPA habang nagbibiyaha.
 - e. Ang isang indibidwal na nagpositibo sa COVID-19 sa nakalipas na 90 araw mula sa petsa ng pagkakalantad.
 - f. Ang isang indibidwal na tanging nalantad sa isang Nakumpirma o Malamang na Kaso habang nasa labas; gayunpaman, ang mga paaralan ay maaaring makipag-ugnayan sa kanilang lokal na departamento ng kalusugan upang matukoy ang pangangailangan ng pagbubukod para sa mas mataas na panganib na pagkakalantad sa labas.
- vii. Ang "Ibukod" ay nangangahulugan ng obligasyon ng Paaralan na tanggihan ang pagpasok sa lugar ng Paaralan, mga extracurricular na kaganapan o anumang iba pang kaganapan na inorganisa ng Paaralan, hindi alintana kung ang isang lokal na departamento ng kalusugan ay naglabas ng isolation o quarantine order o ang naturang kautusan ay nagpaso na. Ang pagbubukod mula sa isang Paaralan ay hindi maituturing na paghihiwalay o kuarentenas.
- b. Dapat gawin ng lahat ng Paaralan ang mga sumusunod na hakbang upang matiyak ang kaligtasan ng Mga Mag-aaral at Tauhan ng Paaralan:
 - i. Imbistigahan ang paglitaw ng mga kaso at pinaghihinalaan ang mga kaso sa Mga Paaralan at kilalanin ang Mga Close Contact para sa mga layunin ng pagtukoy kung ang Mga Mag-aaral o Tauhan ng Paaralan ay dapat na Ibukod alinsunod sa Kautusang Tagapagpaganap na ito
 - ii. Mga Kumpirmado o Maaaring Kaso: Ibukod ang sinumang Mag-aaral o Tauhan ng Paaralan na isang Nakumpirmang Kaso o Malamang na Kaso, anuman ang katayuan ng pagbabakuna, para sa hindi bababa sa 5 araw at

maximum na 10 araw pagkatapos ng petsa ng pagsisimula kung may sintomas o ang petsa ng koleksyon ng ispesimen para sa positibong pagsusuri kung walang sintomas. Ang mga mag-aaral o Tauhan ng Paaralan na may sintomas ay maaaring bumalik sa Paaralan pagkatapos ng 5 araw kung sila ay walang lagnat sa loob ng 24 na oras nang hindi gumagamit ng gamot na pampababa ng lagnat, kung ang pagtatae o pagsusuka ay huminto sa loob ng 24 na oras, at kung bumuti ang iba pang sintomas. Ang mga naturang indibidwal ay dapat na patuloy na magsuot ng maskara sa lahat ng oras sa paligid ng iba, kabilang ang kapag nasa labas, para sa karagdagang 5 araw pagkatapos nilang bumalik sa Paaralan.

- iii. Mga Close Contact: Ibukod ang sinumang Mag-aaral o Tauhan ng Paaralan na isang Malapit na Pakikipag-ugnayan sa loob ng hindi bababa sa 5 araw pagkatapos ng pagkakatamad. Ang mga naturang indibidwal ay dapat na patuloy na magsuot ng maskara sa lahat ng oras sa paligid ng iba, kabilang ang kapag nasa labas, para sa karagdagang 5 araw pagkatapos nilang bumalik sa Paaralan. Bilang kahalili sa Pagbubukod, maaaring pahintulutan ng Mga Paaralan ang mga Close Contact na walang sintomas at nalantad sa paaralan sa araw ng paaralan na nasa loob ng Paaralan, sa kondisyon na ang mga pagsusuri sa Close Contact ay negatibo nang hindi bababa sa dalawang beses sa loob ng 7 araw pagkatapos ng close contact notification /Test To Stay enrollment, na ang huling pagsusulit ay nagaganap 5-7 araw pagkatapos ng huling malapit na pakikipag-ugnayan.
 - iv. Mga May Sintomas na Indibidwal: Bilang karagdagan sa (b)(ii) at (b)(iii), Ibubukod ng mga Paaralan ang sinumang Mag-aaral o Tauhan ng Paaralan na nagpapakita ng mga sintomas ng COVID-19, gaya ng tinukoy ng CDC, hanggang sa negatibo ang kanilang pagsusuri para sa COVID-19 o para sa isang hindi bababa sa 5 araw at maximum na 10 araw. Ang mga mag-aaral o Tauhan ng Paaralan na may sintomas ay maaaring bumalik sa Paaralan pagkatapos ng 5 araw kung sila ay walang lagnat sa loob ng 24 na oras nang hindi gumagamit ng gamot na pampababa ng lagnat, kung ang pagtatae o pagsusuka ay huminto sa loob ng 24 na oras, at kung bumuti ang iba pang sintomas. Ang mga naturang indibidwal ay dapat na patuloy na magsuot ng maskara sa lahat ng oras sa paligid ng iba, kabilang ang kapag nasa labas, para sa karagdagang 5 araw pagkatapos nilang bumalik sa Paaralan.
- c. Ang lahat ng mga Paaralan ay gagawing magagamit ang malayuang pagtuturo na naaayon sa mga kinakailangang idineklara ng Tagapamahala ng Estado para sa Edukasyon alinsunod sa Seksyon 10-30 at 34-18.66 ng School Code, 105 ILCS 5/10-30 at 105 ILCS 5/34-18.66, para sa Mga Mag-aaral na Hindi kasama sa personal na pag-aaral alinsunod sa Kautusang Tagapagpaganap na ito.
 - d. Ang mga ahensya ng Estado, kabilang ngunit hindi limitado sa Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng Illinois, ay maaaring magpalaganap ng mga emerhensiyang panuntunan kung kinakailangan upang maisakatuparan ang Kautusang Tagapagpaganap na ito.
 - e. Wala sa Kautusang Tagapagpaganap na ito na nagbabawal sa isang lokal na awtoridad sa kalusugan mula sa pag-isyu ng mga utos para sa paghihiwalay o kuwarantenas alinsunod sa Batas ng Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan, 20 ILCS 2305/1.1 et seq., at mga regulasyong nagpapatupad sa Batas na iyon, o hinihiling ang mga paaralan na gumawa ng mas mahigpit na mga hakbang kaysa sa inilarawan sa Kautusang Tagapagpaganap na ito.

Seksyon 2: Pagtatapos na Sugnay. Kung ang anumang probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito o ang aplikasyon nito sa sinumang tao o kalagayan ay hindi tanggap ng anumang korte na may kakayahang sakop, ang kawalang bisa nito ay hindi makakaapekto sa iba pang probisyon o aplikasyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, na maaaring mabigyan ng epekto nang walang di-wastong probisyon o aplikasyon. Upang makamit ang layuning ito, ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay idineklara na maaaring ihiwalay.

Seksyon 3: Mga Naunang Kautusang Tagapagpaganap. Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay humahalili sa Kautusang Tagapagpaganap 2021-24, Kautusang Tagapagpaganap 2021-25, at anumang salungat na probisyon ng iba pang naunang Kautusang Tagapagpaganap. Ang anumang mga probisyon na hindi salungat sa mga nasa Kautusang Tagapagpaganap na ito ay dapat na manatiling may bisa.

JB Pritzker, Gobernador

Inisyu ng Gobernador Enero 11, 2022
Inihain ng Kalihim ng Estado Enero 11, 2022